
# PANG-URI SA IBA'T IBANG ANTAS/PAGSULAT NG PAGHAHAMBING SA TULONG NG GRAP O DAYAGRAM

*Magandang Araw! Game ka na ba?*

*Narito na naman ako, ang iyong kapamilyang modyul upang samahan ka sa paglinang ng bagong mga kasanayan. Pagkatapos mo ng modyul na ito, inaasahang :*

- *Magagamit mo na ang mga pang-uri sa iba't ibang antas ng pagsasalaysay*
- *Makasusulat ka na ng isang paghahambing sa tulong ng isang grap, mapa.*



## Pagbalik-aralan

Sa ating mga natapos na aralin ay nakilala natin ang iba't ibang antas ng pang-uri. Sumulat ng mga pangungusap na ginagamitan ng lantay, pahambing at pasukdol na pang-uri tungkol sa larawang nasa kabilang pahina. Isulat ang iyong mga pangungusap sa sagutang papel. Ganito ang gawin mong pormat.

Lantay 1.
2.

Pahambing 1.
2.

Pasukdol 1.
2.

Nagamit mo ba ang mga pang-uring ito?

| | | |
|---|---|---|
| malalabay | mataba | maaliwalas |
| mataas | maliit | kaaya-aya |
| sariwa | tahimik | |
| maberde o luntian | marami | |



**ARROCEROS FOREST PARK**
**MAHIRAP** paniwalaan pero totoo ito. Ang kaaya-ayang lugar na ito ay nasa pusod ng lungsod. Ito ang Arroceros Forest Park. Ang tanong, ilang araw na lang kaya bago mawalan ng pasyalan ang mag-inang sina Mary Grace Huliganga at Hubert?
REM ZAMORA

Subuking gamitin ang mga ito sa iba't ibang antas.
Hal.

Ang hangin sa lugar na ito ay sariwa dahil sa dami ng punungkahoy.
Higit na tahimik sa lugar na ito kaysa sa tabing kalsada.
Napakalalabay ng mga punungkahoy sa lugar na ito.

Basahin

**PINAKAMAGANDANG PANAHON ANG TAG-ARAW SA PINOY**

*Kabilang sa tatak ng lahing Pinoy ang kayumangging balat. Karaniwan ito sa atin lalo na ang purong Pinoy na lumaki at nanirahan sa Pilipinas na matatagpuan sa rehiyong tropikal o ang bahagi sa mundo na may mainit na klima.*

Ito marahil ang dahilan kaya higit na malakas ang resistensiya ng mga Pinoy sa sikat ng araw. Malaki kasi ang naitutulong ng kayumangging balat na nagbibigay proteksiyon sa atin sa ilalim ng sikat ng araw. Ito ay dahil sa <u>mas malaki ang bahagdan</u> ng melanin o pigment na nagbibigay ng kulay sa balat.

Hindi lamang sa mga naisasagawang pag-aaral, napatunayan ang kakaibang kakayahan ng mga Pilipino sa tinatawag na outdoor activities dahil kahit sa simpleng senaryo ng buhay ay mapapansin din ito.

Halimbawa na ang mga Pilipinong nangingibang bansa, hindi iilan ang muling bumabalik sa ating bansa dahil sa hindi makayanang pagbabago ng temperatura.

Kadalasan, nagiging sanhi ito ng pagiging prone o madaling dapuan ng karamdaman dulot ng hindi kinasanayang malamig na klima o mababang temperatura.

Kaya sa kabila ng samu't saring dahilan ng paglisan sa Pilipinas, gaya ng bahagi ng kantang pinasikat ni Gary Valenciano, "Anumang layo ng marating ay babalik at babalik pa rin," ang mga kayumanggi sa bayang humubog dito.

Pansinin na lamang natin ang pagdagsa ng <u>maraming</u> balik-bayan sa mga terminal o airport na animo'y sabik na muling mahagkan ang bayang sinilangan para muling maranasan ang <u>walang katulad</u> na paraiso na maging ang mga dayuhan ay walang humpay na ring nagpaparoo't parito.

Ilan sa pangunahing binabalik-balikan ay ang hinahangaang isla ng Boracay na matatagpuan sa bahagi ng Visayas. Nasasaklaw ng itinuturing na magical island of paradise na ito, ang may 7-kilometrong haba at 1-kilometrong lapad na islang dinarayo dahil sa may <u>tatlumpong pambihirang</u> beach at resort bukod pa sa tampok na nature sceneries.

Isa lamang sa mga dinarayo sa Boracay, ang tinatawag na White Beach. Ito ay kabilang sa pangunahing isinasaalang-alang ng maraming Pinoy o maging ng mga dayuhan na nagpaplanong magbakasyon.

Ang White Beach ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng isla sa pagitan ng pamayanang Angol at Balabag. Sa kahabaan nito, masisilayan ang walang kupas na katangian ng isla, ang puting mala-kristal na buhangin na higit na nakapagbibigay para sa karamihan ng <u>payapa</u> at <u>maginhawang</u> pakiramdam kaya naman nagkalat ang mga bakasyunistang tila ayaw nang bumangon mula sa paghimlay sa <u>malambot</u> na buhanging ito.

Ang patuloy na pagtingkad ng araw rito ay nangangahulugan ng higit na kasiyahan dahil madalas, maraming pangyayari ang mapapanood. Dito kasi kadalasan isinasagawa ang <u>iba't ibang</u> uri ng sports gaya ng beach volleyball.

Siyempre pa, hindi kumpleto ang tanawin kung hindi mababanggit ang inaabangang unti-unting pagpapalit ng liwanag sa dilim o ang takipsilim.

Walang katulad para sa marami ang sandaling ito na talaga namang nagdudulot ng kakaibang kasiyahan hanggang sa tuluyang manaig ang dilim kasunod ang paglitaw ng maliwanag na buwan.

Ang sandaling ito ay nagsisilbing hudyat din sa panibagong kasiyahan dahil sa nagtitingkarang mga ilaw buhat sa mga nakapaligid na restaurant, disco bar at iba't ibang tindahan sa isla na garantisadong magpapaindak ng damdamin.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang isa sa mga tatak ng lahing Pinoy?
2. Bakit higit na malakas ang resistensya ng mga Pinoy sa sikat ng araw?
3. Bakit bumabalik ang mga Pilipinong nangingibang bansa?
4. Bakit hinahangaan ang isla ng Boracay?
5. Paano nakatutulong sa ating bansa ang pagdami ng mga turista?

Ihambing mo ang iyong sagot sa mga nasa ibaba.

1. Ang kayumangging balat ay isa sa tatak ng lahing Pinoy.
2. Higit na malakas ang resistensya ng kayumangging balat na nagbibigay ng proteksyon sa sikat ng araw.
3. Bumabalik ang mga nasa ibang bansa dahil hindi nila nakasanayan ang malamig na klima.
4. Hinahangaan ang Boracay dahil sa napakagaganda nitong beaches o baybay-dagat.
5. Ang pagdating ng mga turista ay nangangahulugan ng pagpasok ng maraming dolyar at iba pang salapi sa bansa.

## Pagpapahalaga

Paano natin mapapanatili ang kagandahan ng ating bansa?

Mapapanatili natin ang kagandahan ng ating bansa sa pamamagitan ng pangangalaga ng ating mga likas na yaman at pagpapanatiling malinis ng ating kapaligiran. Alam kong mayroon ka pang maidaragdag dito. Tingnan nga natin?

## Pag-aralan Mo

### A. Pansinin ang mga pang-uring ginamit

kayumangging balat
higit na malakas ang resistensya
malamig na klima
napakaganda ng beaches o baybay dagat
maraming dolyar

Nasa anong antas ang mga pang-uri? Tama ka, ang mga pang-uring kayumanggi, malamig at marami ay nasa lantay na antas; ang higit na malakas ay nasa pahambing na antas at ang napakaganda ay nasa pasukdol na antas.

Balikang muli ang lathalain. Magtala ng iba pang pang-uri at ang pangngalang tinuturingan. Isulat ang antas nito.

____________________________ ____________________________
____________________________ ____________________________
____________________________ ____________________________
____________________________ ____________________________

Naisulat mo bang lahat? Tingnan natin :

| | | |
|---|---|---|
| purong Pinoy | - | lantay |
| mainit na klima | - | lantay |
| mas malaki ang bahagdan | - | pahambing |
| mababang temperatura | - | lantay |
| sarisaring dahilan | - | lantay |
| maraming balikbayan | - | lantay |
| walang katulad na paraiso | - | pasukdol |
| 7 kilometrong haba | - | lantay |
| 1 kilometrong lapad na isla | - | lantay |
| tatlumpung pambihirang mga beaches | - | lantay |
| puting mala-kristal na buhangin | - | lantay |
| payapa at maginhawang pakiramdam | - | lantay |
| malambot na buhangin | - | lantay |
| maraming pangyayari | - | lantay |
| iba't ibang uri ng sports | - | lantay |
| kakaibang kasiyahan | - | lantay |
| maliwanag na buwan | - | lantay |
| nagtitingkarang mga ilaw | - | lantay |

Ilan ang naisulat mo? Pag-aralan ang mga pang-uring hindi mo naisulat.


## Isaisip Mo

Nagagamit ang pang-uri sa iba't ibang antas ng pagsasalaysay.

**B. Ngayon naman ay tingnan natin kung magagamit mo ang mga pang-uri sa paghahambing.**

1. Pag-aralan ang grap na nagpapakita ng bilang ng mga Katoliko sa iba't ibang bansa.
   Ilarawan at paghambingin ang bilang ng Katoliko sa Pilipinas?

   1. Ano ang masasabi mo sa bilang ng Katoliko sa Pilipinas?
   2. Ano naman ang masasabi mo sa bilang ng Katoliko sa Fiji?
   3. Paghambingin ang bilang ng Katoliko sa India at Pilipinas?
   4. Paano mo ihahambing ang bilang ng Katoliko sa Pilipinas sa iba pang mga bansa?
   5. Ihambing ang bilang ng mga Katoliko sa Indonesia at Australia.



Ang iyong sagot ay maaaring ganito, maaari kang magkaroon ng ibang pahambing.

1. Malaki ang bilang ng Katoliko sa Pilipinas.
2. Ang Fiji ang may pinakamaliit na bilang ng katoliko.
3. Mas maliit ang bilang ng Katoliko sa India kaysa Pilipinas.
4. Pinakamalaki ang bilang ng Katoliko sa Pilipinas sa lahat ng mga bansa sa grap.
5. Higit na malaki ang bilang ng mga Katoliko sa Indonesia kaysa sa Australia.

2. Pag-aralan mo naman ang mapa ng mga lugar na nabisita ni Pope John Paul II. Paano mo paghahambingin ang bilang ng pagbisita ni Pope John Paul II sa iba't ibang bansa?

    1. Ilang beses bumisita si Pope John Paul II sa Pilipinas?
    2. Ilang Beses bumisita si Pope John Paul II sa Thailand?
    3. Ano ang masasabi mo sa bilang ng pagbisita ni Pope John Paul II sa Pilipinas at South Korea?
    4. Ihambing ang bilang ng pagbisita ni Pope John Paul II sa India at Thailand.
    5. Ihambing ang bilang ng pagbisita ni Pope John Paul II sa Fiji at Australia.

May ganito ka bang sagot? Maaari kang magkaroon ng ibang sagot.

1. Dalawang beses bumisita si Pope John Paul II sa Pilipinas.
2. Isang beses lamang bumisita si Pope John Paul II sa Thailand.
3. Magkasindami ang bilang ng pagbisita ni Pope John Paul II sa Pilipinas at South Korea.
4. Mas maraming beses na bumisita si Pope John Paul II sa India kaysa Thailand.
5. Mas maliit ang bilang ng pagbisita ni Pope John Paul II sa Fiji kaysa Australia.




## Tandaan

Maaari tayong makasulat ng paghahambing sa tulong ng grap, mapa o dayagram.

## Subukin ang Sarili

Ang mapa ay naglalahad ng tinatayang bilang ng mga tao na sumaksi sa libing ng ilang katangi-tanging tao sa buong mundo.

Paghambingin ang mga ito na ginagamit ang 3 antas ng pang-uri.




1. Ano ang masasabi mo sa bilang ng mga taong dumalo sa libing ni Ayatollah Khomeini?
2. Paghambingin ang bilang ng mga sumaksi sa libing nina Victor Hugo at Princess Diana?
3. Kung pagsasamahin ang bilang ng mga sumaksi sa libing nina Pope John II, Princess Diana at Mao Zedong. Ilan lahat ito?
4. Ayon sa nakalahad sino ang pinaka-unang namayapa?
5. Sino ang pinakahuling namayapa?

Iwasto ang iyong sagot :

1. Napakaraming tao ang sumaksi sa libing ni Ayatollah Khomeini.
2. Magkasindami ang taong sumaksi sa libing sina Victor Hugo at Princess Diana.
3. Kung pagsasamahin ang bilang ng sumaksi sa libing nina Pope, Princess Diana at Mao Zedong, aabot ito sa tatlong milyon.
4. Si Victor Hugo ang pinakaunang namayapa noong taong 1885.
5. Si Pope John Paul II ang pinakahuling namayapa.

Maligayang bati sa iyong pagtatapos sa modyul na ito. Hanggang sa muli nating pagkikita sa susunod na modyul.

Bye!!!